**PANALANGIN NG BAYAN**

*Paanyaya ng Pari*
Mga kapatid, mataimtim nating pasalamatan ang Santisima Trinidad,
sa pamamagitan ng Mahal na Birheng Maria, Ina ng Diyos at Ina natin,
ni San Jose, and kanyang napakalinis na kabiyak,
ng mga banal na anghel at ni San Josemaria,
hilingin natin sa Diyos Amang makapangyarihan,
pinagmumulan ng lahat ng mabubuting bagay,
kay Hesukristo, kanyang Bugtong na Anak at ating Tagapagligtas,
at sa Espiritu Santo na ibuhos nawa
ang grasya na walang tigil sa ating mga puso.

*Tugon:* **Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aking panalangin.**

1. Para sa Santa Iglesia, tanda at kasangkapan ng pandaigdigang kaligtasan: Upang pangalagaan ito ng Espiritu Santo sa kanyang pagkakaisa at palakasin ang kanyang pananampalataya, upang ang kaalaman ng pag-ibig ni Kristo na ating Tagapagligtas ay maipahayag sa buong mundo, manalangin tayo sa Panginoon.

*Tugon:* **Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aking panalangin.**

2. Para sa Santo Papa, ang minamahal na si Francisco, itinatag ng Diyos bilang kahalili ni Pedro, at ministro ng mga kawan ni Kristo: Upang siya ay laging mapuno ng kaalaman, kasiyahan at lakas ng Espiritu Santo sa kanyang walang patid na paglilingkod sa mga Kristiyano at sa lahat ng tao, manalangin tayo sa Panginoon.

*Tugon:* **Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aking panalangin.**

3. Para sa ating Obispo ________ at sa lahat ng mga Obispo at pari ng Simbahan: Upang sa liwanag ng biyayang dulot ng diwa ng karunungan, at sa halimbawa ni San Josemaria, sila ay maging tunay na mga saksi ng Wika, Katotohanan at Buhay, at palagiang magsumikap ng walang kapagurang paggawa upang mapalaganap ang kaharian ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon.

*Tugon:* **Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aking panalangin.**

4. Para sa Prelado ng Opus Dei, Msgr. Fernando Ocariz: Upang siya ay laging tulungan sa kanyang paglilingkod sa simbahan at tanggapin ng Panginoon nang may awa ang kanyang mataimtim na mga panalangin, manalangin tayo sa Panginoon.

*Tugon:* **Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aking panalangin.**

5. Para sa lahat ng Katoliko: Upang sila ay manatili sa kaalaman na sila ay tinatawag ng Diyos sa kabanalan at ipahayag ang Mabuting Balita ng ating Panginoon sa lahat ng dako ng daigdig sa pamamagitan ng pagpapabanal sa kanilang mga propesyonal na trabaho at ng mga pangkaraniwang tungkulin ng bawat Kristiyano, manalangin tayo sa Panginoon.

*Tugon:* **Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aking panalangin.**

6. Para sa lahat ng lumalahok dito sa Eukaristiyang ito, sa ating pamilya, at buong sangkatauhan: Upang pakinggan natin ang tinig ni Hesus, ang Diyos na nagkatawang-tao at Tagapagligtas ng daigdig upang liwanagan ng diwa ng Diyos ang lahat ng mga katotohanan dito sa mundo, manalangin tayo sa Panginoon.

*Tugon:* **Panginoon, sa iyong awa, pakinggan mo ang aking panalangin.**

*Pangwakas na panalangin ng pari*
Ama naming makapangyarihan,
hinirang mo si San Josemaria upang itatag ang Opus Dei,
isang daan ng pagpapakabanal sa pagtupad ng mga gawaing propesyonal
at ng mga pangkaraniwang tungkulin,
pakinggan mo ang mga panalangin
na ipinapaabot naming sa iyo nang may maipagmamalaking tiwala
at ipagkaloob mo sa amin ang biyaya
na matupad lagi at saan man ang iyong kalooban.
Sa pamamagitan ni Kristo, Aming Panginoon.

*Tugon:* **Amen.**